# Mga Programa ng SBA - Mga Alerto sa Scam at Panloloko

Mula sa Tanggapan ng Inspector General

*Mag-ingat sa Mga Scam at Mga Paraan ng Panloloko*

Kinikilala ng Tanggapan ng Inspector General na nahaharap tayo sa panahong walang katulad at ina-alerto ang publiko tungkol sa mga posibleng paraan ng panloloko kaugnay ng mga programa sa pananalapi na iniaalok ng U.S. Small Business Administration bilang tugon sa Novel Coronavirus Pandemic (COVID-19). Kasama sa Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act (CARES Act), ang pinakamalaking tulong sa pananalapi sa kasalukuyan, ang mga probisyon para matulungan ang maliliit na negosyo. Sinimulan na ng mga manloloko ang pag-target sa mga may-ari ng maliliit na negosyo sa panahon ng krisis na ito. Mag-ingat sa panloloko sa mga kaloob, panloloko sa pautang, at phishing.

## *Mga Scam at Paraan ng Panloloko*

Mga Kaloob

- Nakikipag-ugnayan lang ang SBA gamit ang mga email address na nagtatapos sa **@sba.gov**. Kung aktibo kang kinokontak ng taong nagsasabing mula siya sa SBA, na hindi gumagamit ng opisyal na email address ng SBA, maghinala na ng panloloko.

Mga Pautang

- Kung kinokontak ka ng taong nangangako na makakukuha ng pag-apruba ng isang SBA na pautang, ngunit nangangailangan ng anumang paunang pagbabayad o nag-aalok ng pansamantalang pantawid na pautang na mataas ang interes, maghinala na ng panloloko.
- Nililimita ng SBA ang mga bayaring maaaring isingil ng isang broker sa humihiram sa 3% para sa mga pautangna $50,000 o mas mababa pa at 2% para sa mga pautang na $50,000 hanggang $1,000,000 na may karagdagang ¼% sa mga halagang hihigit sa $1,000,000. Ang anumang tangkang maningil nang higit pa sa mga bayarin na ito ay hindi naaangkop.

- Kung may tanong ka tungkol sa pagkuha ng SBA disaster loan, tumawag sa 800-659-2955 o magpadala ng email sa disastercustomerservice@sba.gov.
- Kung may mga tanong ka tungkol sa iba pang produkto ng SBA sa pautang, tumawag sa Answer Desk ng SBA sa numerong 800-827-5722 o magpadala ng email sa answerdesk@sba.gov.

Phishing

- Kung ikaw ay nasa proseso ng pag-apply para sa isang SBA na pautang at nakatanggap ka ng email na hinihingi ang PII, tiyakin na ang binanggit na numero ng aplikasyon ay tugma sa aktuwal na numero ng aplikasyon.
- Maging alisto sa mga phishing attack/scam na gumagamit sa logo ng SBA. Maaaring mga tangka ito na makuha ang personally identifiable information (PII) mo, para magkaroon ng personal na pag-access sa banking, o mag-install ng ransomware/malware sa computer mo.
- Anumang komunikasyon sa email mula sa SBA ay magmumula sa mga account na nagtatapos sa ***sba.gov***.
- Ang pagkakaroon ng logo ng SBA sa isang webpage ***ay hindi*** garantiya na ang impormasyon ay tumpak o itinataguyod ng SBA. Pakisuri ang anumang impormasyon na matatanggap mo sa impormasyon na makukuha sa www.sba.gov.

### *Isumbong ang Panloloko*

Isumbong ang anumang pinanghihinalaang panloloko sa Hotline ng OIG sa numerong 800-767-0385 o online sa, https://www.sba.gov/about-sba/oversight-advocacy/office-inspector-general/office-inspector-general-hotline.